**Pamagat**: Domestic Submission (Ang Pagpapasailalim ng Mag-asawa/Tahanan)

**Bible Text**: 1 Pet. 3:1 "Likewise, ye wives, be in subjection to your own husbands; that, if any obey not the word, they also may without the word be won by the conversation of the wives;"

*Pagsasalin*: Kayo namang mga asawang babae, magpasakop kayo sa inyong sariling mga asawa. At kung mayroon pa sa kanila na hindi sumusunod sa salita ng Diyos ay madala rin sila ng walang salita sa pamamagitan ng pamumuhay ng asawang babae.

**Panimula**:

1. Sa chapter 3, isinasalaysay ni Pedro ang tungkulin ng mag-asawa para sa isa't-isa, at sinimulan niya ito sa asawang babae.
2. Ang mga Christiano ay hinihikayat sa pagkakaisa, pag-ibig, pagmamalasakit, kapayapaan, at pasesnsya sa ilalim ng matinding kahirapan.
3. Sa nakaraang bahagi pinagusapan ni Pedro ang pagsasailalim nating sa Gobyerno, at ang pagsasailalim ng mga alipin sa kanilang mga amo. Ngayon ang tutuk ni Pedro ay sa mga mag-asawa.

**I. Ang mga Tungkulin ng Mga Asawang Babae:** (3:1-6)

- A. Ang Payo ni Pedro (3:1-5)
  - A.1. Patungkol sa kanilang pamumuhay (3:1-2) – mas-epektibo ang buhay kaysa sa bibig.
    - (v.1a - Gayundin naman, kayong mga asawang babae, pasakop kayo sa inyu-inyong sariling asawa,…)
    - -(v.1b - kahit na ang ilan sa kanila ay hindi sumusunod sa salita, upang mahikayat nang walang salita sa pamamagitan ng ugali ng kani-kanilang asawang babae;)
    - -(v.2 - kapag nakikita nila ang dalisay (malinis) at magalang (may banal na takot sa Dios) ninyong pag-uugali.)
  - A.2. Patungkol sa kanilang kagandahan (3:3-5) – mas-maganda ang panloob kaysa sa panlabas.
    - -(v.3 - Ang inyong paggayak ay huwag maging sa panlabas lamang. Ito ay huwag maging gaya ng pagtitirintas (pagpapahiyas) ng buhok at pagsusuot ng mga hiyas na ginto at mamahaling damit.)
    - -(v.4 - Sa halip, ay ang panloob (o nakatago) na pagkatao na may kagandahang walang paglipas (o kupas), ng isang mahinhin at maamong (mapayapang) espiritu na napakahalaga sa paningin ng Diyos.)
    - -(v.5 - Ito ay sapagkat ganito ang kagayakang pinagyaman ng mga babaeng banal noong unang panahon. Sila ay nagtiwala sa Diyos at nagpasakop sa kanilang sariling asawa.)
- B. Ang Halimbawa ni Pedro (3:6) – Si Sarah ay ang halimbawa ng asawang nagpasailalim sa kanyang asawa.
- C. Ang pagsasailalim ng asawang babae ay para lamang sa mga bagay na tama at wasto sa mata ng Dios. Hindi ito sa lahat ng mga bagay lalo na kung ito ay immoral, labag sa Biblia, o labag sa batas.

**II. Ang mga Tuungkulin ng Mga Asawang Lalaki:** (3:7)

- A. Ano ang dapat gawin ng Lalaki (v.7a) - Sa gayunding paraan, kayong mga lalaki, unawain ninyo at pakitunguhan nang may paggalang ang inyong asawa,
- B. Sila ay tulad ng isang mahinang sisidlan o kasangkapan – dapat ingatan, protektahan, respetuhin, at igalang,
- C. Bakit? (v.7b) – dahil kung hindi ito ay magiging harang sa kanilang mga pananalangin.

**Katapusan**:

1. Ang pagsasailalim sa isang tahanan ay marka ng pagmamahal at respeto para sa isa't-isa.
2. Ang pagkapalpak ng pagsasailalim ay magdudulot ng kapalpakan sa pananalangin.
3. Ito ay nagsisimula sa asawang lalaki – siya ang may pangunahing tungkulin, susunod ay ang asawang babae.